

PARA SA AGARANG PAGLABAS

Tinatanggap ng Lungsod ng Brampton ang pagpopondo ng Probinsya para sa kaligtasan ng komunidad at pag-iwas sa krimen

BRAMPTON, ON (Enero 24, 2020) – Ngayong araw, tinanggap ng Lungsod ng Brampton ang anunsyo sa pondo ng pamahalaan ng Ontario na \$20.5 milyon para sa Rehiyonal na Pulisya ng Peel para madagdagan ang mga resource para mapalakas ang mga inisyatibang pangkaligtasan ng komunidad.

Sa panahon ng pag-aanunsyo, si Mayor Patrick Brown, na nakaupo sa Lupon ng mga Serbisyo ng Pulisya ng Peel (Peel Police Services Board), ay nagsalita tungkol sa kahalagahan ng pamumuhunang ito, na sumusuporta sa Programa sa Mobilisasyon ng Komunidad ng Rehiyonal na Pulisya ng Peel (Peel Regional Police's Community Mobilization Program) at Estratehiya sa Pagbabawas ng mga Baril, Gang at Karahasan sa Ontario.

Palaging nagtataguyod ang Lungsod ng Brampton para sa mas matinding pagtutulongan sa pagtatayo ng mas malakas at mas ligtas na mga komunidad. Sa 2019 Taunang Kumperensya ng Samahan ng mga Munisipalidad ng Ontario (AMO), ang Delegasyon ng Lungsod na pinangunahan ng Mayor ay direktang nakipag-usap sa Solicitor General tungkol sa mas malaking pangangailangan para sa pakikipagtulongan, pakikilahok at suporta sa panustos sa lahat ng antas ng pamahalaan para magawa ang pangkabuuang pamamaraan sa kaligtasan at kabutihan ng komunidad sa Lungsod ng Brampton at patawid ng Rehiyon ng Peel.

Ang anunsyo sa pagpopondo sa araw na ito ay nagkokomplemento rin sa bilang ng mga nakahandang partnership na nagpapatibay sa mga pagsisikap sa kaligtasan ng komunidad ng Brampton, kabilang ang:

- Anunsyo kamakailan lamang ng Rehiyonal na Pulisya ng Peel na buksan ang Downtown Brampton Substation para madagdagan ang presensya at mas mapahusay ang pangangalaga sa mga tao sa lugar
- Ang Programang Lighthouse ng Lungsod ng Brampton, na nagpapaposible sa komunidad na humingi ng kanlungan sa loob ng mga premise ng kalahok na mga samahang batay sa pananampalataya sa mga panahon ng mga emerhensya sa buong komunidad
- Ang adbokasya ng Lungsod na mag-instala ng mga CCTV camera sa 410 at 403 Highways para mas mapahusay ang mga kakayahan sa pag-monitor

Mga Quote

“Hindi gumagalang ang mga gang sa mga postal code. Ito ay isang problema sa buong GTA. Hinding-hindi natin pwedeng maliitin ang pagiging makabago ng mga samahan ng kriminal na lubos na nakakaalam kung aling mga rehiyon ang may mas lumiit na kakayahan sa pagtugon. Nagpapasalamat ako na dininig nina Premier Ford at Solicitor General Jones ang ating panawagan para sa pondo sa mga baril at gang. Ito ay isang mahalagang kasangkapan na kailangan ng ating pulisya para mapanatiling ligtas ang Brampton at ang Rehiyon ng Peel.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton at Miyembro, Lupon ng mga Serbisyo ng Pulisya ng Peel*

"Hindi mo pwedeng itayo ang isang malaking lungsod na walang ligtas na mga daan. Ang kaunting pagtaas sa aktibidad ng baril at gang kamakailan ay kailangang matigil bago pa ito magsimula. Magaganap lamang iyan kapag ang lahat ng order ng pamahalaan ay nagtutulungan. Malayo ang mararating nitong anunsyo sa pagpopondo sa pagbibigay ng mga resource sa Rehiyonal na Pulisya ng Peel na kailangan nila para mapanatiling mas ligtas ang mga tao sa Brampton."

- *Charmaine Williams, Konsehal ng Lungsod at Chair, Komite sa Pagsasabi sa Kaligtasan ng Brampton*

"Ang paglikha ng tamang kapaligiran para itaguyod ang isang nakalulusog at ligtas na lungsod ay nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin para maisulong itong mahalagang prayoridad ng Termino ng Konseho. Ang bawat hakbang sa tamang direksyon para gawing mas ligtas ang ating komunidad ay makakatulong sa pagpapalakas ng kumpiyansa ng mga residente, mga stakeholder, mga mamumuhunan, at magbigay-daan para sa mahabang panahon na tagumpay at pagiging masagana ng ating lungsod.

- *David Barrick, Pinunong Administratibong Opisyal*

Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 650,000 tao at 70,000 negosyo. Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca.

KONTAK SA MEDIA

Monika Duggal
Coordinator, Strategic na Komunikasyon sa
Media at Pakikilahok sa Komunidad
City of Brampton
905-874-3426 | Monika.Duggal@brampton.ca